BC Renal Agency
An agency of the Provincial Health Services Authority

Ang Iyong Buttonhole Track

Ano ang buttonhole needling (pagtusok ng karayom sa buttonhole)?

Mayroong 2 paraan upang itusok ang karayom sa fistula:

1. Rope ladder method

2. Buttonhole method

Sa rope ladder method, ang lugar para sa karayom ay pinaiikot tuwing tinutusukan ng karayom ang fistula. Ito ay naiiba sa buttonhole method kung saan ang parehong dalawang lugar (isa para sa bawat karayom) ay tinutusukan ng karayom bawat beses sa eksaktong parehong anggulo at parehong direksyon. Pagkatapos ng 8-18 beses, nagkakaroon ng scar tissue sa paligid ng karayom papunta sa isang tunnel – tulad ng butas ng tainga para sa hikaw. Tumutulong ang tunnel upang i-guide ang mga karayom papasok sa fistula. Ang mga maliliit na butas, na magkakatabi, ay parang mga butas sa butones.

Ang buttonhole needling ay gumagana nang maigi para sa mga tao na nagse-self-needle.

Sinabihan ka na ang mga karayom ay hindi dapat ipasok sa parehong lugar dahil ito ay maaaring magdulot ng aneurysm. Ano ang pagkakaiba nito?



Figure 1

Sa halimbawa na nasa kaliwa, *(tingnan ang Figure 1)* ang karayom ay tinusok sa parehong maliit na lugar nang paulit-ulit ("one-site-itis"). Dahil dito, ang wall ng iyong fistula ay humihina at lumolobo, at nagdudulot ng aneurysm.

Sa halimbawa na nasa kanan, *(tingnan ang Figure 1)* inilalagay ang karayom sa parehong butas bawat beses – ito ay hindi nagsasanhi ng aneurysm.

Bakit ginagamit ang mga "blunt" (hindi matatalim) na karayom?

Oras na nabuo ang buttonhole track, ang mga blunt (hindi matatalim) na karayom *(tingnan ang Figure 2)* ay ginagamit upang tusukin ang fistula. Ang mga blunt na karayom ay bilóg sa itaas at walang matalim at nakakahiwang gilid tulad ng mga standard na karayom na pang-dialysis.

Figure 2

Kapag blunt ang mga karayom, naiiwasan ang mga problema tulad ng pagkahiwa o pagkagasgas ng track na kakabuo pa lamang. Nakakatulong din ito na mai-wasan mo ang hindi sinasadyang pagtusok sa iyong sarili kung ikaw mismo ang nagtutusok ng karayom sa iyong sarili.

Bakit maaaring mainam ang buttonhole needling para sa iyong fistula?

Ang buttonhole needling ay maaaring magresulta sa:

- Mas kaunting stress at mas kaunting kirot.
- Mas kaunting maling mga pagtusok.
- Mas kaunting infiltrations (pamamaga mula sa pagpasok ng karayom papasók sa fistula wall) at hematomas (pagdurugo sa ilalim ng balat).

Paano mo aalagaan ang mga buttonhole site at tracks?

Pre at Post Dialysis Care (sa Bahay o sa Dialysis Centre)

- Bago mag-dialysis, hugasan ng maligamgam na tubig at antibacterial na sabon ang iyong mga kamay at ang iyong fistula. Huwag magpahid ng anaesthetic cream (halimbawa, Emla).
- Pagkatapos mag-dialysis, diinan nang kaunti nang 10 minuto ang lugar na tinusukan ng karayom. Diinan ang lugar ng karayom at sa ibabaw lamang nito. Kung nagdurugo pa rin ang lugar ng karayom pagkatapos ng 10 minuto, diinan muli ito nang 5 minuto pa.

- Kapag humintô na ang pagdurugo, i-tape ang gasa sa lugar. Iwasan ang mabalot ng tape ang buong paligid ng iyong braso.
- Panatilihin ang gasa nang 4-6 na oras, at pagkatapos ay tanggalin ito. Tingnan kung mayroong langib o scab ang balat. Kung nagsimulang magdugo ang lugar na tinusukan, maglagay ng panibagong dressing at tingnan muli makalipas ang ilang oras.

Pang-araw-araw na Pangangalaga (sa Tahanan)

1. Panatilihing malinis ang mga lugar ng buttonhole.
   - Hugasan araw-araw ng sabon ang iyong braso na may fistula at banlawan ito ng tubig. Tuyuin sa pamamagitan ng pagdampi sa paligid ng lugar gamit ang malinis na tuwalya.
   - Linisin ang mga lugar ng iyong buttonhole site. Maaari kang mag-shower, mag-swimming o gumamit ng hot tub kung mayroon kang buttonhole tracks.
2. Protektahan ang iyong buttonhole sites.
   - Huwag magpahid ng mga body lotion o cream, perfume o pulbos sa lugar ng iyong buttonhole sites.
   - Iwasan ang mabangga o mahipô ang mga lugar.
   - Iwasan ang mga aktibidad na maaaring makairita o makasakít o pinsala sa iyong mga site (halimbawa, pagkamot).
   - Iwasan ang tanggalin ang mga langib sa iyong buttonhole sites.
3. Inspeksyunin araw-araw ang iyong buttonhole sites at ang balat sa paligid nito. Kontakin ang iyong kidney doktor (nephrologist) o dialysis unit kung:
   - Mayroong pamumula, init o kirot sa lugar ng iyong buttonhole sites o sa iyong braso na may fistula.
   - Mayroong pagdaloy o drainage mula sa isa sa iyong buttonhole sites o sa iyong fistula.
   - Mayroon kang kapansin-pansing pamamaga o pangangati sa isa sa iyong buttonhole sites o sa iyong braso na may fistula.
   - Nahihirapan kang ikilos ang iyong mga daliri sa iyong braso na may fistula.
   - Ikaw ay parang nilalagnat at mayroong alinman sa mga sintomas sa itaas.
4. Kung nagsimulang magdugo ang iyong fistula, diinan ito nang kaunti nang 10 minuto gamit ang malinis na tuwalya o gasa. **Kung hindi humintô ang pagdurugo, patuloy na diinan ito at pumunta sa emergency.** Sabihin din ito sa iyong hemodialysis team. Mainam na magdala ng gasa.

Ano ang gagawin mo kung ikaw ay nasa bakasyon?

Medyo nag-iiba-iba ang paraan ng pagtusok ng karayom ng bawat tao sa mga buttonhole track. Pinakamaigi ang limitahan ang bilang ng mga tao na nagtutusok ng karayom sa iyong tracks upang maiwasan ang mga problema.

Kung kaya mong mag-self-needle:

- Dalhin ang iyong mga sariling karayom at ituloy ang pagself-needle.
- Magdala ng ekstrang mga karayom kung sakaling makontamina ang isa nito.

Kung hindi mo kayang mag-self-needle:

- Sabihin sa staff ng dialysis centre na ikaw ay mayroong buttonhole tracks.
- Huwag hayaang tusukan ng nars sa centre ang iyong buttonhole track.
- Hilingin sa nars na ipasok ang karayom sa iyong fistula gamit ang matatalim na karayom na ilalagay kahit man lamang 1 inch (2.5cm) ang layô mula sa buttonhole sites at sa parehong direksyon tulad ng buttonhole track. Ipaalala sa kanila na iwasan ang pagtusok ng karayom sa buttonhole track.

Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa self-needling at buttonhole method?

Kausapin ang iyong kidney doctor o nars.

Fistula First Website

- Cannulation techniques: http://fistula.memberpath.com/HealthcareProfessionals/WheredoIstartifIamadialysiscenter/CannulationoftheAVFistula/CannulationVideoChapter6.aspx
- Mga benepisyo ng self-cannulation at mga rekomendasyon sa training, buttonhole technique at self-cannulation. http://fistula.memberpath.com/HealthcareProfessionals/WheredoIstartifIamadialysiscenter/CannulationoftheAVFistula/CannulationVideoChapter7.aspx

Home Dialysis Central Website

- Ang pagself-cannulate ng dialysis patient na si Bill Peckham gamit ang Buttonhole technique. *www.homedialysis.org/resources/links/BillMovie1.flv*
- Pagsisimula ng Buttonhole at Pag-cannulate ng isang Buttonhole (ipinapakita ang bawat hakbang at ang mga diagram) *www.homedialysis.org/learn/buttonhole/*